# Sabit sa mga school service, bawal na sa QC

Bawal na sa Quezon City ang pagpapasabit ng sakay na mag- aaral o overloading ng mga school service ng mga estudyante sa mga paaralan sa lahat ng private at public schools sa lungsod.

Ito ay makaraan lagdaan ni QC Mayor Herbert Bautista ang Ordinance 2788-2018, na inakda ni Councilor Eric Medina na layuning maprotektahan ang kapakanan at buhay ng mga batang mag-aaral pagpasok at paglabas ng kanilang paaralan.

Sinasabing maraming bilang ng mga school buses at school shuttle service vehicles ay nakikitang nagpapasabit ng mga estudyante dahil sa sobrang puno ng sasakyan o overloading.

Upang maiwasan ito, nais ng lokal na pamahalaan na ingatan ang mga mag-aaral sa maaaring maidulot ng overloading sa kanilang buhay at pag-aaral.

Nakasaad sa nilagdaang ordinansa na ang mga driver at operator ng public at private school shuttle service at school bus na susuway dito ay pagmumultahin ng P2,000 o community service sa loob ng limang araw sa unang paglabag; P3,000 o community service ng sampung araw sa pangalawang paglabag; at P5,000 o isang taong pagkakakulong o kapantay na parusa, depende sa ipapataw ng Korte. *(Angie dela Cruz)*

PRINTED FROM PRESSREADER